REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

*Office of the Secretary*

NOV 2 1 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 356, s. 2005

PAMBANSANG PAGPUPULONG, KONSULTASYON AT KUMPERENSYA NG MGA PANREHYON AT PANDIVISYONG SUPERVISOR NG FILIPINO SA LEBEL SEKONDARI

Sa Mga: Direktor Panrehyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punung Guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan ng Edudasyong Sekondari ay magtataguyod ng isang Pambansang Pagpupulong, Konsultasyon at Kumperensya ng mga Panrehyon at Pandivisyong Supervisor ng Filipino sa Lebel Sekondari sa Nobyembre 30 at Disyembre 8-9, 2005 sa Bulwagan ng Karunungan, Rizal Building, DepED Complex, Pasig City.

2. Nilalayon ng Gawain ang mga sumusunod:

1. makuha ang sagot ng mga panrehyon at piling pandivisyong supervisor sa Filipino kaugnay ng isinasagawang sarbey sa implementasyon ng BEC-Filipino;
2. paglalahad ng resulta ng isinagawang sarbey sa implementasyon ng BEC-Filipino noong 2003-2004;
3. mga isyu at suliranin sa Filipino;
4. suriin ang Conceptual framework, layunin, nilalaman at kasanayan at kontinuum ng dalawang antas (elementari at sekondari).

3. Inaasahang dadalo ang mga sumusunod:

A. Pambansang Pagpupulong sa Nobyembre 25, 2005

1. Panrehyong Supervisor ng Filipino sa lahat ng rehyon
2. Pandivisyong Supervisor ng mga Panrehyong Sentro ng Kahusayan sa Filipino (PASKAP)

B. Konsultasyon at Kumperensya sa Disyembre 1-2, 2005

1. Panrehyong Supervisor ng Filipino sa lahat ng rehyon
2. Pandivisyong Supervisor ng mga Panrehyong Sentro ng Kahusayan sa Filipino (PASKAP)

3. Labindalawang (12) guro na kumakatawan sa Luzon, Visayas at Mindanao (apat (4) na guro bawat pangkat) na pipiliin ng Kawanihan.

4. Ang pondong gugugulin para sa pamasahe at iba pang gastusin ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal. Sa kabilang banda, ang gugugulin para sa pagkain, honoraria ng mga taga-academe at extra duty allowance ng mga staff ay manggagaling sa pondo ng Kawanihan na sumasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Hinihiling ang dagliang pagpapahatid sa kinauukulan ng Memorandum na ito.

FE A. HIDALGO
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim nga mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
LEARNING AREA, Filipino
SECONDARY EDUCATION

Raformatted by: Maricar/DM-Pambansang Pagpupulong sa Filipino
11-14-05/computer: madel